Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# *Modyul 18*

## *Pagbibigay-Dahilan/Katwiran sa Kilos ng Kapwa at Pagpapahayag ng Sanhi at Bunga*

# Modyul 18
# Pagbibigay-Dahilan/Katwiran sa Kilos ng Kapwa at Pagpapahayag ng Sanhi at Bunga



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Hello! Isang masayang paanyaya sa mundo ng kaalaman ang hatid ng modyul na ito! Sa bawat pahina ay matututuhan mo ang sanhi at bunga ng mga kaganapan sa iyong paligid, paggamit ng salitang nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng mahirap na salita, at pagtukoy sa mga detalye na sumusuporta sa pangunahing ideya – sa pamamagitan ng mga akdang may kaugnayan sa kolonyalismo at kamalayang panlipunan. Tayo na at samantalahin ang magandang pagkakataong ito!



## Ano ang matututunan mo?

Sigurado akong marami kang namasid sa iyong paligid tungkol sa kadahilanan at sanhi ng mga pangyayari. Hindi naman maituturing na kalabisan kung pagbalik-aralan mo ito at iugnay sa mga napapanahong isyu sa ating lipunan.

Kung itatanong mo kung bakit ko nasabi ito ay simple lang ang sagot. Sa modyul na ito ay nais kong higit mo pang matukoy, magamit, at mabuo ang isang komposisyong nagpapakita ng sanhi at bunga, na gumagamit ng mga ideyang sumusuporta sa iyong pangunahing ideya.

Magagawa mo lamang ito dahil tutulungan ka ng modyul na malinang ang mga sumusunod na layunin:

Pagsasalita:

1. nakikilala ang mga salita/pahayag na nagsasaad ng sanhi at bunga
2. nabibigyang dahilan/ katwiran ang kilos ng kapwa

Pagbasa:


1. napipili nag mga salita sa pangungusap na nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng mahirap na salita

2. natutukoy ang mga dtealye na sumusuporta sa pangunahing ideya

Pagsulat:

1. nakabubuo ng komposisyong ekspositori gamit ang sanhi at bunga sa pag-organisa ng ideya

2. nagagamit nang wasto sa komposisyon ang mga salitang nagpapahayag ng sanhi at bunga



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay isang *self-learning kit* na magagamit mo anumang oras na nais mo ayon sa iyong kakayahan. Ito ay tutulong sa iyo upang lubos na maunawaan ang sanhi at bunga sa pamamagitan ng mga babasahin at gawain sa pagbasa at pagsulat.

Dahil sa nabanggit na kahalagahan nito, ituring mo ang modyul na ito na isang kaibigan. Sundin mo ang mga sumusunod na tagubilin upang pangalagaan ito.

1. Ingatan ang paggamit nito. Tandaan mo na may iba pang gagamit at makikinabang dito pagkatapos mo.

2. Huwag sulatan o lagyan ng kahit ano pa mang marka ang bawat pahina ng modyul.

3. Ang lahat ng sagot ay isusulat mo sa hiwalay na sagutang papel.

4. Sagutan ang Panimulang Pagsusulit at pagkatapos ay kunin sa guro ang Susi sa Pagwawasto upang ikaw mismo ang magwasto ng iyong gawain.

5. Kung nasagutan mo ng tama ang 90-95% ng mga tanong, nangangahulugan na taglay mo na ang mga kasanayang lilinangin ng modyul na ito. Maaari mo nang ibalik sa guro ang modyul at magtuloy na sa kasunod. Nasa iyo ang desisyon kung magtutuloy ka na sa kasunod o gagamitin mo pa rin ang modyul na ito. Tandaan lamang na ikaw ang may hawak ng desisyon kung kaya't kailangan mong pag-isipang mabuti kung ano ang sa palagay mo ay lubos na makabubuti sa iyong ikatututo.

6. Siguraduhing nabasa mo na ang mga aralin bago sagutin ang mga tanong. Pagkatapos mong aralin ang buong modyul, ibalik na ito sa guro para magamit naman ng iba.

7. Hingin sa guro ang susunod na modyul.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ang bahaging ito ng modyul ay makatutulong sa iyo upang balikan ang mga aralin na maaaring alam mo na. Tandaan mo na anuman ang maging resulta ng pagsusulit na ito ay gagamitin hindi para husgahan ang iyong kakayahan, kung hindi upang mabatid kung ano at paano pa magiging kapaki-pakinabang ang modyul sa iyo.

Sagutin lamang ang mga sumusunod sa abot ng iyong makakaya.

Pagbutihin mo- tiyak na kaya mo yan!

Basahin ang seleksiyon at sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat sa iyong sagutang papel ang titik lamang ng iyong tamang sagot. HUWAG SULATAN ANG MODYUL NA ITO.

**Ano ang mga Dahilan Bakit Nangingibang Bansa ang mga Pilipino?**
Pilipino Star Ngayon October 30, 2004
(Nikki Gabitan)

Ano nga ba ang pinakapunong dahilan kung bakit nangingibang bansa ang karamihan sa ating mga Pilipino? Sa ngayon, isa ito sa mga karaniwang katanungan na may ibat ibang opinion ang bawat isa sa atin. Kung ating mapapansin, karamihan sa bagong graduate o ibang estudyante ay nag-iisip na makipagsapalaran sa ibang bansa. Kahit na ang ibang may mga trabaho na o mga propesyonal ay iniisip na magbakasakali sa ibang bansa kahit na ang kanilang magiging trabaho ay mas mababa kesa kanilang tinapos.

Ano kaya ang nag-tutulak sa kanila upang mag-isip at gawin nga ang binabalak? Ano ang mga dahilan kung bakit nakakaya nilang mag-trabaho sa bansa ng mga dayuhan at iwan ang kanilang mga mahal sa buhay? Dahil ba sa nag-hihingalong ekonomiya ng ating bansa o para lamang sa career growth? Aking aaminin, na kahit ako ay nagbabalak din na makipagsapalaran sa ibang bansa kapag may magandang oportunidad na dumating. Karamihan din sa aking mga kakilala, kaibigan, naging kaeskwela at kahit aking mga kapamilya ay nagbabalak din katulad ko. Aking nabasa sa isang lathalain na halos 98% na napagtanungan tungkol sa isyu ay sumagot na gusto nilang umalis ng ating bansa at magtrabaho sa bansa ng mga dayuhan. Una, karaniwang rason nila ay

tumatalakay sa usapang pinansiyal. Pangalawang dahilan nila ay ang malaking oportunidad sa trabaho; pangatlo ay ang maraming pagkakataon para sa career growth at panghuli ay ang pagkakaroon ng matatag na gobyerno.

Kung ito lamang ang pagbabasehan, makikita na kung ano ang pinaka-ugat na dahilan ng pag-alis ng bawat Pilipino. At ito ay ang pinansiyal na aspeto.

Karamihan sa mga OFW ay nagsasabi na mas malaki ang kanilang kinikita kumpara noong sila ay nagtatrabaho dito sa Pilipinas. Karamihan din ay mamalagi pansamantala sa ibang bayan upang makaipon at babalik ng Pilipinas upang magtayo ng kahit munting negosyo. Sa nangyayari ngayon sa ating bansa kung saan patuloy ang pagtaas ng mga bilihin. Hindi sapat ang kinikita upang tustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng bawat isa lalo na kung malaki ang iyong pamilya. Kahit na sabihing magkaroon ng dagdag sa sweldo, hindi pa rin ito magiging sapat lalo na para sa kanilang manggagawa.

Kapag tinanong ang mga nagbabalak na umalis patungong ibang bansa kung ano ang makakapigil sa kanilang pag-alis, ang numero uno na kanilang sagot ay ang kanilang pamilya. Kung minsan mangangailangan pa ng konsultasyon sa ibang myembro ng pamilya bago makagawa ng pinal na desisyon. Dito umiiral ang close-knit family ties sa bawat Pilipino. Kung ating titingnan, ang pinaka-rason para sila ay manatili ay ang kanilang pamilya at isa din sa mga rason upang sila ay umalis nang dahil din sa pamilya.

A. Isulat sa iyong sagutang papel ang salita o pariralang kasingkahulugan ng may salungguhit sa pangungusap.

1. Karamihan sa bagong graduate o ibang mga estudyante ay nag-iisip na <u>makipagsapalaran</u> sa ibang bansa. Nais nilang sumubok ng trabaho sa Amerika.
2. Ano kaya ang <u>nagtutulak</u> sa kanila upang mag-isip ng ganito?Ano kaya ang nag-uudyok sa kanila?
3. Bakit kaya nakakaya nilang magtrabaho sa bansa ng mga <u>dayuhan</u> o banyaga, at iwan ang kanilang mahal sa buhay?
4. Aking nabasa sa isang <u>lathalain, isang akda mula sa pahayagan,</u>na halos 98% ng estudyante ay nais umalis ng ating bansa.
5. Dahil ba sa <u>naghihingalong ekonomiya</u> at tila wala ng pag-asang pag-unlad ng ating bansa kaya sila umaalis?
6. Kung ito lamang ang pagbabasehan, makikita na kung ano ang <u>pinakaugat</u> na dahilan ng pag-alis ng bawat Pilipino.

B. Isulat sa iyong papel kung ang may salungguhit ay sanhi o bunga.

1. Dahil ba sa naghihingalong ekonomiya kaya umaalis ng bansa ang mga Pilipino?
2. Nangingibang bansa ang karamihan upang magkaroon ng matatag na buhay.
3. Hindi sapat ang kinikita dito sa bansa kaya't nagtitiis tayo na malayo sa pamilya ang maraming Pilipino.
4. Ang pagkakaroon ng malaking oportunidad sa trabaho ay isa ring rason upang lisanin ang bansa.

C. Isulat sa sagutang papel kung ang mga sumusunod na salitang ginamit sa pangungusap sa B ay nagpapahayag ng sanhi o bunga.

1. dahil
2. kaya
3. rason
4. upang

D. Basahin ang pangungusap sa ibaba na nagpapahayag ng pangunahing ideya. Pagkatapos ay lagyan ng tsek ang lahat ng sumusunod na pangungusap na nagbibigay suporta sa pangunahing ideyang nabanggit.

Pangunahing ideya: *Kung ito lamang ang pagbabasehan, makikita na kung ano ang pinaka-ugat na dahilan ng pag-alis ng bawat Pilipino. At ito ay ang pinansiyal na aspeto.*

_______1. Naghihingalo ang ekonomiya ng Pilipinas.
_______2. Magandang lugar ang nais marating ng mga Pilipino.
_______3. Mas malaki ang oportunidad na makahanap ng trabaho sa ibang bansa.
_______4. Ang sahod sa ibang bansa ay halos triple ng sahod dito sa Pilipinas.
_______5. Ang pamilya ay masaya kung may maliit na negosyo.

E. Pag-aralan ang comic strip sa ibaba. Pagkatapos ay piliin ang titik ng tamang sagot sa mga tanong.

**NO I.D. NO ENTRY** **NI BOY JERVOSO**




Pilipino Star Ngayon, Oktubre 24, 2004

1. Ano kaya ang hanapbuhay ng natutulog?

    a. pulis
    b. security guard
    c. laborer
    d. supervisor

2. Ano ang naging unang resulta nang sabihin na , “Aba.. Bumbay! Naniningil!”

    a. Nagulat ang natutulog
    b. Nagising ang natutulog
    c. Napatayo ang natutulog
    d. Napasigaw ang natutulog

3. Bakit sinabi ang, “Aba.. Bumbay! Naniningil!”

    a. para gisingin ang natutulog
    b. para hindi masingil ng bumbay
    c. para makapagtago agad
    d. para pakiusapan ang bumbay

4. Ano ba ang inaasahan sa isang namamasukan?

    a. magbayad ng utang sa bumbay
    b. magtrabaho pag nandiyan ang amo
    c. maging matapat sa amo
    d. tupdin ang tungkulin sa oras ng trabaho

5. Ano ang kahihinatnan kung ang lahat ng manggagawa ay tulad ng taong natutulog?

    a. hindi makakaiwas sa maniningil
    b.hindi maririnig ang ingay sa trabaho
    c. hindi uunlad ang buhay
    d. hindi magkakasakit sa trabaho

Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman mo kung gaano karami ang tamang sagot na nakuha mo. Kung hindi ka naman masaya sa resulta nito, pag-aralan mo ang modyul at tiyak na makatutulong ito sa iyo.

Handa ka na ba? Tara na!

# Mga Gawain sa Pagkatuto

## Sub-Aralin 1

### Paggamit ng Salitang Nagbibigay-Pahiwatig sa Kahulugan ng Mahirap na Salita

**Layunin**

Ang araling ito ay makatutulong sa iyo upang pagbalik-aralan ang kasaysayan ng Pilipinas noong panahon ng kolonisasyon. Kasabay nito ay ang paghubog ng iyong kakayahan upang mapili ang mga salita sa pangungusap, hango sa mga akdang may kaugnayan sa kasaysayan, na nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng mahirap na salita.

**Alamin**

Marahil ay pamilyar ka na sa mga bansang **Espanya, Ingles, Amerika, at Hapon**. Kung may mapa ng daigdig sa kinaroroonan mo ngayon, hanapin mo ang mga bansang ito. Kilala sila sa maraming kadahilanan, subalit bilang Pilipino ay tiyak akong batid mo ang papel nila sa ating kasaysayan. Kung hindi ka sigurado ay tutulungan kitang tukuyin ang ilan sa naging mahahalagang ginampanan nila na nakaimpluwensya ng malaki sa ating kultura.

Ang gagawin mo lamang ay isulat sa iyong sagutang papel ang bansang tinutukoy sa mga pangungusap- Espanya, Ingles, Amerika o Hapon. Ipinaaalala ko lamang na anumang sagot mo ay hindi bibigyan ng marka. Ito ay isa lamang paraan upang bago ilahad ang aralin ay nakatuon na ang isip mo sa ating paksa.

Halika na at tingnan natin ang abot ng iyong maaalala.

______1. Nagturo ng Kristiyanismo sa mga Pilipino
______2. Sinakop ang Pilipinas sa loob ng dalawang taon at pinahintulutan ang pagpasok ng mga banyagang aklat, pahayagan, at mga manlalakbay mula sa Britanya, Pransya, at Alemanya
______3. Nagbigay ng libreng edukasyon para sa lahat at hindi para sa piling mayayaman lamang
______4. Nagpahirap sa sundalong Amerikano at Pilipino sa pamamagitan ng Martsa ng Kamatayan

Ang mga wastong sagot ay ang sumusunod: 1. Kastila; 2. Ingles; 3. Amerikano; at 4. Hapon.

Ilan ang iyong tamang sagot?

Kung nahirapan ka sa pagsagot sa mga tanong, huwag kang mawalan ng pag-asa. Basahin mo ang kasunod na akda at marami ka pang malalaman tungkol dito.

Ang mga sinagutan mo ay hinango sa akdang tumatalakay sa kolonisasyon ng Pilipinas.

**Ang Kolonisasyon ng Pilipinas**

1 Bago pa man dumating ang mga Kastila, ang Pilipino ay mayroon nang sariling kahiratihan na tinatawag ding kabihasnan, paniniwala, kaugalian, at paraan ng pagsulat. Ang lahat ng ito ay pinilit na baguhin o palitan ng mga Kastila na dumating sa Pilipinas noong 1521 upang gawin itong kolonya. Ang kolonya ay ang bansang pinamumunuan ng mga dayuhan.

2 Sinakop nila ang ating bansa sa tatlong kadahilanan. Una, nais nilang palaganapin ang relihiyong Katoliko Romano at gawing Kristiyano ang maraming tao. Dahil dito, naglaan ang hari ng Espanya ng malaking halaga upang ang nakararami ay manampalataya sa relihyong ito. Pangalawa, nais ng Espanya na hawakan ang *spice trade* sa Asya dahil ang mga pampalasa ay mabili sa Europa.Kung mangyayari ito, tatanghalin at kikilalanin itong pinakamayamang bansa sa buong mundo; subalit sila ay bigong makamit ang layuning ito. Panghuli, nais ng Espanya na magkaroon ng karangalang politikal sa pagiging pinakamalaking kaharian sa daigdig. Ang mga layuning ito ang naging sanhi ng pananakop ng Kastila sa Pilipinas at ito ay tumagal ng mahigit sa 300 taon, mula 1565-1898.

3 Pansamantalang naantala, isang panandaliang paghinto, ang kapangyarihan ng Kastila nang sakupin ng mga British o Ingles ang Pilipinas noong 1762-1764 bilang bahagi ng digmaan ng Britanya at Pransya. Ang laban ng dalawang bansang ito ay tinawag na *Seven Years' War* at napasama ang Pilipinas sa gulo dahil ang Espanya ay sumuporta sa Pransya, na siya namang ginamit na dahilan ng Ingles upang lusubin ang ating bansa.

4 Ang maikling pananakop ng Ingles sa bansa ay nag-iwan ng bahid, at sa kabilang banda ay magandang aral sa mga Pilipino. Hindi malilimot ang malawakang pangungulimbat sa mga simbahan at mahahalagang gusali sa Maynila na nakagimbal sa mga mamamayan sapagkat ito ang kauna-unahang pangyayaring ganito. Ang lahat ng ninakaw ay dinala sa ibang bansa, at dahil dito ay maraming talang pangkasaysayan at mga antigo ang nawala sa bansa. Sa kabilang banda, naging malaki ang tulong ng Ingles sa kamalayang panlipunan ng mga Pilipino sa kadahilanang pinayagan nilang makapasok ang mga bagong ideya mula sa mga banyagang aklat, pahayagan, at mga manlalakbay galing sa ibang bansa.

5 Amerika ang sumunod na sumakop sa bansa noong 1898. Ilan sa mga layunin ng pagsakop ng Amerika ay ang magkamit ng bagong lupain upang paunlarin at makipagkalakalan, magtayo ng base ng hukbong-pandagat at daungan sa Asya, at ang paniniwala na tungkulin nilang gawing sibilisado ang mga Pilipino. Maaaring nakamit nila ang mga layuning ito, subalit marami rin silang naibahagi sa kamalayang Pilipino. Nagdala sila ng Bibliya at ipinatupad ang kalayaan ng relihiyon, nagsanay para sa demokrasya, nagbigay ng libreng edukasyon, at nagturo ng wikang Ingles.

6 Noong taong 1942-1945, sinakop ng Hapon ang Pilipinas at dito nasaksihan ang isa sa pinakamalagim na giyera sa buong mudo. Kahit na matapat at matapang na nakipaglaban ang mga Pilipino at Amerikano laban sa mga Hapon, nanaig pa rin ang huli at napabagsak ang Bataan at Corregidor at halos 100,000 mga sundalong Pilipino at Amerikano ang ikinulong ng mga Hapon. Naganap din ang Martsa ng Kamatayan kung saan ang mga sundalo ay pinilit na magmartsa ng 120 kilometro sa loob ng mahigit sa sampung araw nang walang pagkain, tubig o gamot, habang marami ang pinalo o sinaksak ng bayoneta.

Pilipino Star Ngayon, Oktubre 24, 2004

Pagkatapos mong basahin ang akda, balikan mo ang iyong mga sagot sa mga tanong sa ALAMIN at iwasto mo ang mga mali ayon na rin sa pagkakaunawa mo sa aralin.

Alin sa mga tanong ang hirap kang sagutin?

Para higit mo pang matandaan ang mahahalagang aral sa iyong binasa, punan mo ang patlang ng mga salita ayon sa talatang iyong binasa.

Sa talata 1 mababasa ang unang nanakop sa Pilipinas. Ito ay ang _______________.

Sa talata 2, nabatid mong may tatlong layunin ang unang nanakop sa bansa. Ang mga ito ay ang ________________________________, ______________________ at ______________________________.

Makikita sa talatang ______ ang impluwensiya ng Ingles sa Pilipinas, samantalang sa talatang _____ nakasaad ang pangalawang mananakop ng Pilipinas.

Sa talata 5 nakasaad ang sumunod sa Kastila. Pang-ilang mananakop na ang Amerika?_____

Ang layunin ng Amerika sa pagsakop, ayon sa talata 5, ay __________________, ______________________________, at __________________________________.

Sa panghuling talata nabasa mo ang isa pang nanakop sa bansa. Isulat ang mga karanasan ng Pilipino sa kamay ng Hapon.

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________.

Ang mga tamang sagot ay ang sumusunod:

Sa talata 1, Espanya ang unang sumakop sa Pilipinas.

Sa talata 2, ang mga layunin ng Espanya ay palaganapin ang Kristiyanismo, hawakan ang spice trade at maging pinakamayamang bansa, at ang pagkakamit ng karangalang politikal.

Sa talata 4 mababasa ang impluwensiya ng Ingles, at sa talata 3 naman ang pangalawang nanakop sa Pilipinas- ang Ingles.

Ang Amerika ay pangatlong mananakop ng bansa natin.

Ang layunin ng Amerika ay masakop ang bagong lupain at paunlarin ito.Hangad din nilang magtayo ng mga base ng hukbong-pandagat at magkaroon ng daungan sa Asya, at gawing sibilisado ang mga Pilipino.

Sa talatang 6 ipinakita ang dinanas ng mga Pilipino at Amerikanong sundalo sa kamay ng mga Hapones. Sila’y ikinulong, pinagmartsa ng mahabang lakbayin, ginutom, at pinahirapan.

**Linangin**

Ngayon, mas sigurado ka na sa alam mo! Marami ka pang matututunan tungkol sa ating kasaysayan kung hindi ka hihintong magbasa at itutuloy mo ang modyul na ito! At dahil nagpasya kang matuto, may dagdag-kaalaman pa para sa iyo – ang **pagpapalawak ng iyong**

**talasalitaan sa paggamit ng salita sa pangungusap na nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng mahirap na salita. Sa Ingles, ito ay tinatawag na context clue.**

Maoobserbahan mo na habang nagbabasa ka ay may ilang mahihirap na salita na tila hindi mo nauunawaan? Subalit kung bibigyang-pansin mo ang mga salitang nakapaligid dito ay nagkakaroon ka ng ideya tungkol sa kahulugan nito. Context clue o mga salitang nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ang tawag sa ganitong paraan ng pagbibigay-kahulugan sa isang salita.

May iba't ibang paraan ang manunulat upang bigyang-pahiwatig ang kahulugan ng mahirap na salita. Ang mga ito ay:

1. pagbibigay ng kasingkahulugan sa paggamit ng salitang <u>o</u> , <u>na tinatawag</u> <u>din</u>, o kaya ay <u>at</u>
2. pagbibigay ng kasalungat sa paggamit ng sa <u>kabilang banda</u>, <u>nguni</u>t, <u>bagamat,</u> <u>subalit,</u> at marami pang iba.
3. pagbibigay depinisyon na makikita sa loob ng pangungusap o sa susunod pang pangungusap
4. paggamit ng buong talata para sa sapat na paghinuha sa kahulugan

Pag-aralan mo ang mga sumusunod na halimbawa at tukuyin ang kahulugan ng mga salitang nakahaylayt.

1. Mayroong historikal na pagtatalo tungkol sa tamang panahon ng pagdating ni Magellan sa Pilipinas bunga ng kanyang **ekspedisyon** o paglalakbay dulot ng isang layunin. Mayroong nagsasabi na noong ika-16, samantalang ang iba naman any ika –17 ng Marso, 1521.

2. Ang pananalakay ng British ay isang nakatutuwa ngunit **nakakarimarim** ding panahon ng ating kasaysayan.

3. Pagsapit ng ika-19 na dantaon, nagkaisa ang mga Pilipino na humingi ng **reporma** sa kolonya. Ang reporma ay ang pagbabago sa mga patakarang kasalukuyang ipinatutupad.

4. Noong Hulyo 7, 1892, ay nagtatag ng isang lihim na samahang panghimagsikan para sa mga Pilipino upang ipaglaban ang kalayaan. Ang buong pangalan nito ay *Kataastaasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan* at tinawag na "**Katipunan**" o KKK para maikli.

Kung mahirap para sa iyo ang salitang **ekspedisyon**, mapapansin mo na ito ay sinundan ng salitang <u>o,</u> na nagpapahiwatig naman na ang sumunod na mga salita ay kasingkahulugan ng nauna. Ito ay isang paraan ng manunulat upang tulungan kang maunawaan ang salita sa iyong binabasa.

Sa pangalawang pangungusap, ang salitang <u>ngunit</u> na nag-uugnay sa mahirap na salita (**nakakarimarim**) at sa kahulugan nito ay ginamit upang bigyang-pahiwatig na ang dalawang ito ay magkasalungat. Kung gayon, ang pakahulugan nito ay <u>salungat sa nakatutuwa</u> –maaaring <u>nakapangingilabot</u> o <u>nakakagalit.</u>

Sa pangatlong pangungusap, ginamit ang sumusnod na pangungusap upang bigyang depinisyon ang mahirap na salita, **reporma,** upang ipahiwatig ang kahulugan nito.

Ano nga ang reporma? Magaling! Ito ay ang pagbabago sa mga patakarang kasalukuyang ipinatutupad.

Ang buong talata sa bilang 4 ay nagpapahiwatig naman kung ano ang **Katipunan.** Kailangan mong gamitin ang lahat ng pangungusap upang lubusang maintindihan ang kahulugan nito.

Ano ang KATIPUNAN? Ito ay isang lihim na samahang panghimagsikan na nangangahulugang Kataastaasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan.

**Gamitin**

Gaano kalinaw sa iyo ang tinalakay na paksa? Sagutan mo ang sumusunod upang sukatin ang iyong natutunan sa aralin.

Sa iyong sagutang papel, isulat ang salita o grupo ng mga salitang kasingkahulugan ng may salungguhit. Pagkatapos ay isulat din ang paraang ginamit upang ipahiwatig ang kahulugan.

1. Bago pa man dumating ang mga Kastila, ang Pilipino ay mayroon nang sariling <u>kahiratihan</u> na tinatawag ding kabihasnan, paniniwala, kaugalian, at paraan ng pagsulat.

2. Ang <u>kolonya</u> ay ang bansang pinamumunuan ng mga dayuhan.

3. Kung mangyayari ito, <u>tatanghalin</u> at kikilalanin itong pinakamayamang bansa sa buong mundo; subalit sila ay bigong makamit ang layuning ito.

4. <u>Pansamantalang naantala</u>, isang panandaliang paghinto, ang kapangyarihan ng Kastila nang sakupin ng mga British o Ingles ang Pilipinas noong 1762-1764 bilang bahagi ng digmaan ng Britanya at Pransya.

5. Hindi malilimot ang malawakang <u>pangungulimbat</u> sa mga simbahan at

mahahalagang gusali sa Maynila na nakagimbal sa mga mamamayan sapagkat ito ang kauna-unahang pangyayaring ganito. Ang lahat ng ninakaw ay dinala sa ibang bansa.

Narito ang tamang mga sagot: 1. kabihasnan; 2. bansang pinamumunuan ng mga dayuhan; 3. kikilalanin; 4. panandaliang paghinto; at 5. pagnanakaw

Tumpak ba ang lahat ng iyong sagot? Magaling! Nangangahulugan iyan na natutunan mo na ang tungkol sa paggamit ng pahiwatig na salita upang maintindihan ang kahulugan ng mahirap na salita.

**Lagumin**

Upang malaman mo ang kahulugan ng mahirap na salita, gamitin mo ang mga salitang nakapaligid dito na **nagpapahiwatig ng kasingkahulugan, kasalungat, depinisyon, o paliwanag sa buong talata.**

Ang kasingkahulugan ng mahirap na salita ay ipinahihiwatig na mga salitang **o, na tinatawag din,** o kaya ay **at.**

Ang kasalungat ng mahirap na salita ay ipinakikilala ng mga salitang **sa kabilang banda, ngunit, bagamat, subalit,** at marami pang iba.

Maaari rin namang ang sumunod na pangungusap ay nagpapahiwatig ng **depinisyon** ng mahirap na salita.

Panghuli, tandaan mo na kung minsan ay kailangan mong gamitin ang **buong talata** upang mabatid kung ano ang kahulugan ng mahirap na salita.

**Subukin**

Narito ang ilang mga salitang ginamit sa mga naunang akdang iyong binasa. Basahin mo nang matahimik.

| | |
|---|---|
| oportunidad | pinansiyal |
| pansamantala | tustusan |
| konsultasyon | naglaan |
| lusubin | bahid |
| demokrasya | nasaksihan |

Mahirap ba para sa iyo ang mga salitang ito? Kung gayon, gamitin mo ang sumusunod na mga pangungusap upang makuha mo ang kahulugan ng bawat isa. Isulat sa iyong papel ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Ang oportunidad ay minsan lamang kumatok sa iyong pintuan. Huwag mong sayangin ang iyong pagkakataon sa panahong dumating ito.
2. Ang trabahong pansamantala ay hindi nagtatagal. Ito ay panandalian lamang.
3. Ang pag-alis sa bansa ay desisyon ng buong pamilya, at hindi ng isang tao lamang. Kailangan ang konsultasyon o paghingi ng kuro-kuro ng mga kaanib.
4. Nais ng mga sundalong lusubin ang kampo ng mga terorista upang salakayin ang imbakan ng mga armas.
5. Kailangan sa demokrasya ang pagtanggap ng responsibilidad sapagkat ang bawat kalayaan sa pagpapahayag ay may katumbas na tungkulin.

Ngayon naman, gamitin mo sa iyong sariling pangungusap ang sumusunod na salita.

1. pinansiyal
2. tustusan
3. naglaan
4. bahid
5. nasaksihan

Ipakita sa iyong guro ang mga nabuo mong pangungusap para malaman mo kung tama ang mga ito.

**Paunlarin**

Gamitin mo naman sa sa isang talata o kaya'y kwento ang mga salitang may salungguhit sa SUBUKIN. Isulat ito sa iyong sagutang papel. Muli, ipakita mo sa iyong guro ang iyong ginawa.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________.

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
__________________.

## Sub-Aralin 2

## Pagtukoy sa Mga Detalyeng Sumusuporta Sa Pangunahing Diwa

### Layunin

Sa araling ito ay matututunan mo ang sumusunod:

1. natutukoy ang pangunahing diwa ng talata
2. naibibigay ang kaibhan ng pangunahing diwa at mga detalyeng sumusuporta dito
3. napipili ang mga detalyeng angkop na sumusuporta sa pangunahing diwa

Kung sa tingin mo ay mahirap ang leksyong ito, wala kang dapat ikabahala. Tutulungan kitang maintindihan ito. Bilang panimula, balikan natin ang mga maaaring nalalaman mo na tungkol sa paksang may kinalaman sa detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa.

Halika na!

### Alamin

Isulat sa patlang ang tawag sa mga salitang magkakasama o magkakagrupo.

Halimbawa: mata, ilong, bibig, tenga <u>Bahagi ng mukha</u>

1. mesa, upuan, chalk, chalkboard, pambura ______________________
2. sampaguita, gumamela, ilang-ilang, santan ______________________

3. martilyo, pako, lagare, paet ___________________________________
4. saging, papaya, santol, mangga _________________________________
5. dolyar, yen, piso, rupee _______________________________________

Ang mga tamang sagot dito ay ang sumusunod:

1. mga gamit sa paaralan
2. mga bulaklak sa Pilipinas
3. mga kagamitan ng karpintero
4. mga prutas
5. mga tawag sa salapi ng iba't ibang bansa

Paano mong nalaman ang mga tamang sagot? Madali lang iyan! Tiyak ako na hindi ka lang basta nanghula nang walang batayan. Tiningnan mong mabuti ang kaugnayan ng mga salita sa isa't isa at pagkatapos ay pinili mo ang mga katangian nilang magkakatulad, di ba?

Kung sa simpleng mga bagay ay kailangan ang kaayusan, lalo pang ninanais na taglayin ito sa anumang paraan ng komunikasyon, lalo na sa pagbasa at pagsulat.

Para sa isang manunulat, mas madaling ipahayag ang kanyang ideya kung tiyak niya ang kanyang pangunahing diwa at mga detalyeng kaugnay nito. Gayundin naman, higit na mauunawaan ng mambababasa ang laman ng akda kung siya ay may kasanayan sa paghanap ng pangunahing diwa at mga detalyeng nagpapatunay dito.

Ano nga ba ang pangunahing diwa at ang kaugnayan nito sa mga mahahalagang detalye?

Halika at pag-aralan mo.

**Linangin**

Para lalo mo pang maintindihan ang mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa, kailangan mo munang tiyak na matukoy kung ano ang **pangunahing diwa**. Ito ay ang ideya na nais bigyang – diin o talakayin ng manunulat.

Bilang gabay sa paghanap mo nito, alamin mo ang paksa at kung ano ba tungkol sa paksa ang pinag-uusapan. Kadalasan, ang pamagat ng akda ay magbibigay sa iyo ng pahiwatig ukol sa paksa. Piliin mo ang isa o dalawang salita mula sa pamagat upang maging batayan ng iyong paksa. Tandaan mo na ang paksa ay hindi pangunahing diwa; sa halip, ito ay batayan lamang ng mahalagang diwa ng manunulat.

Ang susunod mong gagawin ay alamin naman kung ano tungkol sa paksa ang binibigyang focus ng akda o manunulat. Dito mo na kailangang hanapin ang mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa. Ang **mahahalagang detalye ay dapat na may tuwirang kaugnayan sa**

**pangunahing diwa, na batay naman sa paksang natukoy mo na. Ito ay ang mga detalyeng nagbibigay patotoo o sumusuporta sa pangunahing diwa.**

Balikan mo ang binasang akda sa Aralin 1, at subukan mo kung paano hanapin ang paksa, pangunahing diwa, at mahahalagang detalye.

Handa ka na ba?

Pamagat: Kolonisasyon ng Pilipinas

Paksa: (Pumili ka ng isa o dalawang mahalagang salita mula sa pamagat.)
Ano ang napili mo? Magaling! <u>Kolonisasyon</u> o kaya'y ang pamagat mismo ang paksa.

Pangunahing diwa: (Mula sa paksa, ibigay mo kung ano tungkol dito ang tinalakay ng manunulat.)

Basahin mo nang mabilis ang nilalaman para magkaroon ka ng ideya. Tungkol ba sa mga lugar na sinakop, mga taong tanyag noong panahon ng kolonisasyon, o mga bansang sumakop sa bansa?

Tumpak! Inisa-isa ng manunulat ang mga bansang nagkolonisa sa Pilipinas. Ito ang pangunahing diwa.

Mahahalagang detalye: (Kunin mo ang mga salita o ideya na nagpapatunay sa pangunahing diwa.)

Kung pinili mo ang apat na bansa – Espanya, Ingles, Amerika, at Hapon – mainam ang iyong sagot! Natutuhan mo na ang paghanap ng mahahalagang detalye sa akdang iyong binasa!

Tingnan mo ang dayagram na nagpapakita ng kaugnayan ng pamagat, paksa, pangunahing diwa, at mahahalagang detalye.

Kolonisasyon ng Pilipinas
(Pamagat)

Kolonisasyon
(Paksa)

Iba't ibang bansa ang sumakop sa Pilipinas
(Pangunahing diwa)

Espanya Ingles Amerika Hapon

Mayroon pang ibang mga ideya na mapipili mo na napapailalim sa mahahalagang detalye, subalit sapat na sa ngayon na matukoy mo kung ano ang mas dapat na bigyang-tuon sa pag-intindi ng iyong binasa.

Malamang ay nais mo nang subukan ang iyong kakayahan tungkol sa araling tinalakay. Ano pa ang hinihintay mo?

Kumuha ng iyong sagutang papel at gamitin ang iyong natutuhan!

**Gamitin**

Basahin ang akda sa ibaba at pagkatapos ay tapusin ang mga gawain batay dito.

**Migrate or not to Migrate**
(Pilipino Star, Oktubre 30, 2004)

Isa na naman ito sa mga katanungang bumabagabag sa bawat tao na nagnanais na mangibang-bansa upang makipagsapalaran. Marami na rin tayong mga kababayan ang nasa ibang bansa katulad ng Estados Unidos, Canada, New Zealand at iba pa.

Ngunit, karamihan sa mga Pilipino ay hindi nanaisin na mag-migrate. Ito ay sa kadahilanang ang kwalipikasyon at experience ng ating mga kababayan ay hindi basta-basta kinikilala. Katulad na lamang ng ibang mga propesyunal kung saan maganda ang kanilang pwesto dito sa atin ngunit pagdating sa ibang bansa ay mga clerk, tagapag-alaga, waiter at iba pa ang kanilang nagiging trabaho. Nariyan ang mga doctor na kapag nakipagsapalaran sa ibang bansa, katakut-takot na pag-aaral at mga pag-susulit pa ang mangyayari bago makakuha ng lisensiya para makapag-praktis kung kaya't ang iba sa kanila ay mas ninanais na lamang na mag-aral ng nursing upang mas madaling makapasok at makakuha ng trabaho.

Marami na rin ang nagsasabi katulad ng aking mga kamag-anak na ang buhay sa ibang bansa ay hindi madali at hindi puro saya. Kumikita ka nga ng malaki ngunit tama rin ito para sa mga babayarin. Kaya kadalasan may mga part-time job sila sa ibang mga establisimiyento.

Isa rin sa mga rason kung bakit hindi natutuloy ang pag-alis ng isang tao ay dahil sa malalayo sila sa tahanan na kanilang kinalakhan. At kung sakali mang may mangyari sa kanilang mga mahal sa buhay, hindi sila basta-basta makakabalik ng Pilipinas gustuhin man nila.

Ngunit para sa ibang mga Pilipino, nakikipagsapalaran pa rin sila para sa ikagaganda ng buhay ng kanilang pamilya. Ang pinakapuno't dulo pa rin nito ay kung ano ang makabubuti sa lahat.

A. Punan ang patlang ng hinihinging imformasyon.

Pamagat:____________________________________________

Paksa:______________________________________________

Pangunahing diwa:____________________________________

Mahahalagang detalye: ________________________________


______________________________________________

______________________________________________

B. Batay sa pangunahing diwang napili mo, kopyahin ang tatlong mahahalagang pangungusap sa ibaba na nagsasaad ng detalyeng sumusuporta dito.

1. Ang kwalipikasyon ng ating kababayan ay hindi basta-basta kinikilala.
2. Mganda ang trabaho dito, pero pagdating sa ibang bansa ay clerk, tagapag-alaga o waiter.
3. Ang mga doktor ay nag-aaral pa para maging nars.
4. Ang buhay sa ibang bansa ay hindi madali at hindi puro saya.
5. Kailangan pang magpart-time para makasapat sa bayarin.
6. Malalayo sila sa kanilang pamilya at mahal sa buhay.
7. Hindi basta-basta makababalik sa Pilipinas.

C. Ipakita sa diagram ang kaugnayan ng mga ideya batay sa nabasa mo.



____________________  __________________  _________________  _____________

(Mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa)

Ganito ba ang iyong mga sagot?  Sige iwasto mo ang iyong ginawa:

A.

**Pamagat**: Migrate or not to Migrate
**Paksa**: Pagpili kung aalis o mananatili sa bansa
**Pangunahing diwa**: Mas maraming Pilipino ang ayaw lumisan ng bansa
**Mahahalagang detalye**: ang mga dahilan ay hindi basta-basta kinikilala ang kanilang kwalipikasyon, hindi madali at hindi puro saya ang buhay, at ayaw malayo sa mahal sa buhay

B. Ang mahahalagang detalye ay ang pangungusap 1, 4, at 6.

C. Dayagram

Migrate or not to migrate

Pagpili kung aalis o hindi sa bansa

Maraming dahilan bakit ayaw umalis ng mga Pilipino

Mababang pagtanggap sa kwalipikasyon     hindi puro saya     ayaw malayo sa pamilya

Mainam ang pagsisikap mo sa mga pagsasanay sa katatapos pa lamang na aralin!

Bilang paalala, tandaan mo lamang ang mga mahahalagang bagay na tinalakay sa sub-araling ito.

**Lagumin**

Ang pangunahing ideya ay mahalagang matukoy bago mo hanapin ang mga detalyeng sumusuporta dito.

**Ang mahahalagang detalye ay may tuwirang kaugnayan sa pangunahing diwa, at matitiyak mo lamang ito kung alam mo ang paksa batay sa pamagat ng akda, at sa iyong maingat na pagbabasa upang bigyang patunay ang pangunahing diwa .**

Gayundin naman, maaari mong gamitin ang dayagram upang ipakita ang kaugnayan ng pamagat, paksa, pangunahing diwa, at mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing diwa.

Tingnan natin kung naintindihan mo ang araling ito.

**Subukin**

Basahin nang tahimik ang akda. Pagkatapos ay gawin ang mga kasunod na gawain.

**Maraming Mag-aaral sa High School, Hindi Makabasa**
Pilipino Star Ngayon, Oktubre 24, 2004

Nakaaalarma, nakakatakot ang ulat na karamihan sa mga mag-aaral sa high school ay hindi marunong bumasa, o kaya ay hindi nakaiintindi ng binabasa. Ano ang kahihinatnan nila? Kawawa sila sa hinaharap. Hindi lamang pala ang problema sa mga guro, mali-maling libro, kakulangan ng silid-aralan ang problema ng Kagawaran ng Edukasyon o Department of Education (DepEd) kundi pati na rin ang mga estudyanteng hindi marunong magbasa. Dapat malaman ang ugat ng problemang ito upang hindi naman maging kawawa ang mag-aaral sa pagdating ng panahon.


Marami ang kadahilanan ng suliraning ito. Ilan dito ay ang di-wasto o di-sapat na nutrisyon sa mga bata, limitadong pinagkukunan o kasalatan ng mga pampublikong paaralan, at ang mahihina at kakulangan sa pagsasanay ng mga guro. Ayon pa sa DepEd, “Masakit sabihin ang katotohanan, pero ang edukasyon sa Pilipinas ay nasa krisis. Ito ay nasa panahon ng pagdarahop.”

Marami ang nagsulputang eskwelahan ngayon, parang mga kabute na kung saan – saan sumisibol at tumutubo, na mataas pa ang tuition o singil sa pag-aaral. Nakikilatis pa ba ng DepEd kung anong klaseng turo ang ibinibigay ng mga paaralang ito?

B. Ibigay ang hinihinging imformasyon batay sa akdang binasa.

Pamagat:______________________________________________
Paksa: _______________________________________________
Pangunahing diwa:_______________________________________
Mahahalagang detalye: ____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________
____________________________________

C. Buuin ang dayagram ayon sa iyong sagot sa B.




Nakita mo ba ang kaugnayan ng iyong sagot sa B at C? Magaling! Ang dayagram ay nakatutulong upang lalo mong masiguro kung ang mga natukoy mong paksa, pangunahing diwa, at mahahalagang detalye ay may tuwirang kaugnayan sa isa't isa, ayon na rin sa nais iparating ng manunulat.

Kung napansin mo na malayo ang kaugnayan sa isa't isa ng mga sagot mo, basahin at pag-aralang muli ang akda.

Ang mga tamang sagot sa B ay ang sumusunod:

Pamagat: Maraming mag-aaral sa high school, hindi makabasa

Paksa: Mga dahilan sa hindi pagkatutong bumasa ng mga mag-aaral

Pangunahing diwa: Ang hindi pagkatutong bumasa ay dulot ng maraming kadahilanan.

Mahahalagang detalye: di-wasto/sapat na nutrisyon, limitadong pinagkukunan ng mga pampublikong paaralan, mahihina/kulang sa pagsasanay ng mga guro

Ang tamang sagot sa dayagram, titik C, ay ang mga sumusunod:

Maraming mag-aaral sa high school, hindi makabasa
(Pamagat)

Mga dahilan sa hindi pagkatutong bumasa ng mga mag-aaral
(Paksa)

Ang hindi pagkatutong bumasa ay dulot ng maraming kadahilanan.
(Pangunahing diwa)

di-wasto/sapat na nutrisyon

kasalatan ng pinagkukunan ng paaralan

gurong kulang sa kasanayan

Nakuha mo ba ang mga tamang sagot? Mainam kung ganon!

Paunlarin mo pa ang iyong kaalaman sa araling ito sa pamamagitan ng isa pang pagsasanay.

Handa ka na ba?

**Paunlarin**

Ngayon naman ay ang pagkakataon mong gamitin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng pagsulat ng isang akda. Gumawa ka muna ng dayagram katulad ng ipinakita sa nakalipas na pagsasanay. Gawin mong batayan ang pamagat na "Bunga ng Hindi Pagkatutong Bumasa".

Bunga ng Hindi Pagkatutong Bumasa
(Pamagat)

|

____________________________________

(Paksang nais mong talakayin)

|

__________________________________________________

(Pangunahing diwa ng iyong akda)

_______________ ___________________ _____________ _____________

(Mahahalagang detalyeng nais mong gamitin upang suportahan ang pangunahing diwa)

Marahil ay napag-isipan mo nang malalim ang mga ideyang nais mong isulat sa iyong akda.

Ngayon naman ay isulat mo na ito sa paraang palahad. Maaaring dalawa o tatlong talata, o kaya ay higit pa rito ang mabubuo mong akda. Huwag mong kalimutang gamiting gabay ang mga isinulat mo sa dayagram.

Pagkatapos, ipakita mo sa guro ang iyong ginawa.

Simulan mo na!

____________________________________

__________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

__________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

**Sub Aralin 3**

## Pagkilala ng Sanhi at Bunga

Ngayon naman ay tatalakayin natin ang panibagong sub-aralin na gagabay sa iyo upang lalo pang maunawaan ang kaugnayan ng mga ideya o pangyayari sa isang akda.


**Layunin:**

Tutulungan ka ng araling ito upang magawa mo ang sumusunod:

1. nakikilala ang mga salita/pahayag na nagsasaad ng sanhi at bunga;
2. napipili ang bahagi ng pangungusap o talata na nagpapahiwatig ng sanhi at bunga;
3. nabibigyang-dahilan/ katwiran ang kilos ng kapwa;

**Alamin**

Pag-aralan mo ang larawan. Ipinapakita dito ang kasalukuyang sitwasyong kinakaharap ng mga manggagawa at mga negosyante sa ating bansa. Ituon mo ang iyong pansin sa nais ipahiwatig ng larawan.



Pilipino Star Ngayon,
Setyembre 7, 2004

Magbigay ng 3 – 5 mga inaakala mong sanhi ng paghingi ng manggagawa ng dagdag na sahod. Isulat ang sagot sa iyong papel.

____________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________________.

Isa-isahin mo ang mga posibleng mangyari kung hindi tataasan ang sahod ng manggagawa.

____________________________________________________________
______________________________________________________________________
_______________________________________________________
______________________________________________________________

Maaaring iba-iba ang sagot dito. Ilan sa mga sanhi ng paghingi ng dagdag na sahod ay ang pagbaba ng halaga ng piso, pagtaas ng presyo ng bilihin, papahirap na trabaho, dagdag na oras sa trabaho, at iba pa.

Ang mga bunga naman kung hindi tataasan ang sahod ay maaaring paghirap sa buhay, pagkagutom ng pamilya, malnutrisyon, kawalan ng pambayad sa pangunahing pangangailangan, at iba pa.

Huwag kang kabahan sa iyong mga sagot! Ang katatapos na gawain ay may layong pukawin ang iyong kaalaman tungkol sa sanhi at bunga - ang paksa ng aralin ngayon.

Gusto mo na bang linangin ang iyong kaalaman? Nakatutuwa naman kung ganon.

Simulan mo na!

**Linangin**

Karamihan sa mga pangyayari sa atin ay mayroong dahilan, o tinatawag na sanhi, at may idinudulot sa ating buhay, o may ibinubunga. Halimbawa, may dahilan ang pagsikat ng araw, pagbuhos ng ulan, pagkasira ng kapaligiran, at marami pang iba. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng matinding tag-init, tuloy-tuloy na pagbaha, o pagkamatay ng mga nilalang.

Sa pagbasa man o pagsulat, mainam na alam mong tukuyin **ang ugat ng pangyayari na siyang nagpapaliwanag ng dahilan o rason. Ito ay tinatawag na sanhi. Ang sanhi ay ipinahihiwatig ng mga salitang kapag, dahil, dahilan, at rason.** Walang tiyak na lugar sa pangungusap o sa talata ang sanhi; ibig sabihin, maaaring bago o pagkatapos ibigay ang bunga ay makikita ang sanhi.

**Ang bunga naman ay nagsasaad ng kinalabasan, resulta, o epekto ng isang sanhi. Ito ay ipinahihiwatig ng kaya, upang, bunga nito, at iba pa na nagpapakita ng bunga.** Kagaya ng sanhi, ang bunga ay wala ring tiyak na isang lugar sa pangungusap o talata. Kailangang maintindihan mong mabuti ang kaibhan ng dalawa para matukoy mo kung alin nga ba ang siyang dahilan at kinalabasan nito.

Makatutulong sa iyo na hanapin kung alin ba ang **nauna o mauunang mangyari** at alin naman ang **sumunod o susunod**. Ang una ay sanhi at ang huli ay ang bunga.

Pag-aralan ang halimbawang pangungusap.

1. Dahil sa malawakang nakawan ay nagtalaga ng mga tanod sa bawat barangay.
2. Kaya payapa ang lipunan ay may pag-uunawaan ang mamamayan.

Ano sa palagay mo ang unang nangyari sa pangungusap 1- ang pagnanakaw o pagtatalaga ng tanod? Tama ang sagot mo! Nagkaroon muna ng <u>sanhi</u>, ang nakawan, bago ang <u>bunga</u>, ang pagtatalaga ng tanod.

Sa pangalawang pangungusap, alin ang sanhi? Alin naman ang bunga? Paano mong nalaman ito? Tumpak ang iyong mga tugon! Ang <u>sanhi</u> ay ang pag-uunawaan, samantalang ang <u>bunga</u> ay ang payapang lipunan. Nabatid mo ito marahil dahil sa pahiwatig na salita, gayundin sa pagtukoy mo kung ano ang mas nauna sa dalawang pangyayari.

Bukod sa mga sanhi at bunga sa pangungusap, kailangan mo ring pag-aralan at isiping mabuti ang mga dahilan sa kilos o gawi ng tao. Sa masusi mong obserbasyon at malalim na pagkaunawa sa sitwasyon, mabibigyan mo ng akmang katwiran ang kilos ng iyong kapwa.

Sa iba't ibang sitwasyon ay masisilip mo ang posibleng pinagmulan ng dahilan ng isang bagay, kilos, o pangyayari. Halimbawa, sa iyong pagbabasa ng diyaryo ay mapapansin mo ang mga drowing o ilustrasyon na magiging batayan mo upang bigyang katwiran ang nais iparating ng ilustrador o kaya ay manunulat.

Ano kaya ang nais iparating ng gumuhit sa larawan sa ibaba?




Pilipino Star Ngayon,
Oktubre 24, 2004

Para gabayan ka sa pag-aaral ng larawan, ituon mo ang iyong isip sa sumusunod:

1. Pansinin mo ang paraan ng paglalarawan sa mga tao upang mahinuha mo ang kanilang damdamin, kalagayan sa buhay, at pananaw sa kanilang sitwasyon, at iba pang dapat na ikonsidera.

2. Isipin mo ang paksang tinatalakay sa drowing at tingnan mo ang kaugnayan nito sa iyong ginawa sa hakbang 1.

3. Buuin mo sa iyong isipan ang diwang nais iparating ukol sa paksa.

4. Bigyan mo ng katwiran ang pananaw o kilos ng mga taong sangkot sa ilustrasyon.

5. Ibahagi mo sa iba sa paraang pasulat o pasalita ang nabuo mong kaisipan.

Balikan natin ang larawan sa Pinong (Sipag-Nyusboy) ni Rene Aranda. Nakita mo siguro na ang isang lalaki ay may edad na, sira ang damit, at tila galit na sinisigawan ang bata. Ang dahilan ng kanyang tila pagkagalit ay ang *food program* ng gobyerno para sa mahihirap. Subalit ayaw niyang magtrabaho para makamit ito; mas gusto pa niyang ibigay ito nang libre sa kanya.

Ano kaya ang dahilan ng kanyang asal? Ayon na rin sa batang kausap niya, ang suliranin ay ang katamaran at ang kawalan ng sapat na pagmamalaki sa sarili. Kung masipag sana siya, hindi magiging hadlang ang kahirapan para kumain.

Higit pa rito, wala rin siyang malasakit sa sarili; naging palaasa na siya at hindi na tinulungan ang sariling makaahon sa sitwasyong kinasadlakan. Ang mga ito ay maaaring ilan lamang sa mga katwiran sa asal o kilos ng lalaki sa larawan.

Maliwanag na siguro sa iyo ang sanhi at bunga, at ang paraan ng pagbibigay katwiran sa kilos o asal ng kapwa . Tingnan natin ang galing mo sa pag-unawa ng araling ito.

**Gamitin**

A. Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang bahagi ng pangungusap na nagpapakita ng sanhi.

1.Karamihan sa mga Pilipino ay hindi nanaisin na mag-migrate sa kadahilanang ang kwalipikasyon at experience ng ating mga kababayan ay hindi basta-basta kinikilala.

2. Ang iba sa kanila ay mas ninanais na lamang na mag-aral ng nursing upang mas madaling makapasok at makakuha ng trabaho sa ibang bansa.

3. Sapat lang ang malaking kita para sa mga bayarin, kaya kadalasan ay may mga part-time job sila sa ibang mga establisimiyento.

4. Isa rin sa mga rason kung bakit hindi natutuloy ang pag-alis ng isang tao ay dahil sa malalayo sila sa tahanan na kanilang kinalakhan.

5. Kapag may nangyari sa kanilang mga mahal sa buhay, hindi sila basta-basta makakabalik ng Pilipinas gustuhin man nila dahil nasa ibang bansa sila at naghahanapbuhay.

Ang mga tamang sagot dito ay:

1. Ang kwalipikasyon at experience ng ating mga kababayan ay hindi basta- basta kinikilala.
2. Ang iba sa kanila ay mas ninanais na lamang na mag-aral ng nursing.
3. Sapat lang ang malaking kita para sa mga bayarin.
4. Dahil sa malalayo sila sa tahanan na kanilang kinalakhan.
5. Dahil nasa ibang bansa sila at naghahanapbuhay.

F. Pag-isipang mabuti ang comic strip na *SPO Juan ni Boy Aguilar*. Tukuyin ang gawi ng babae at bigyan ng 3 hanggang 5 katwiran ang kilos niya habang kinakausap ng pulis. Sumulat ng talata ukol sa mga dahilang naisip mo.



Pilipino Star Ngayon,
Oktubre 31, 2004

__________________________________________________________________________________________

Malapit ba rito ang talatang isinulat mo?

> Ang babae ay tila natakot nang makita ang pulis, sa kabila nang pagsasabi ng pulis na hindi siya dapat katakutan. Ayon na rin sa sinabi ng babae, ang kinatatakutan niya ay baka tamaan siya ng ligaw na bala. Hindi naman masisisi kung ganito ang maging reaksyon dahil na rin sa maraming kadahilanan.
>
> Una, marahil ay nabalitaan niya na ang mga pulis ay madalas ipinapapatay kahit na sa pampublikong lugar. Pangalawa, ang mga taong may galit sa pulis ay handang pumatay kahit pa maraming sibilyan ang maaaring masaktan. Panghuli, tila ang pagtingin tungkol sa mga pulis ay bumababa na at dahil dito'y hindi na ligtas ang pakiramdam ng nakararami sa tuwing makakikita ng alagad ng batas.
>
> Ilan lamang ito sa maaaring kadahilanan ng ikinilos ng babae sa harap ng pulis.

**Lagumin**

Siguro naman ay bihasa ka na sa paggamit ng mga napag-aralan mo. Ngayon naman ay narito ang mahahalagang bagay na dapat mong isaisip.

Sa pagbasa man o pagsulat, mainam na alam mong tukuyin **ang ugat ng pangyayari na siyang nagpapaliwanag ng dahilan o rason. Ito ay tinatawag na sanhi. Ang sanhi ay**

**ipinahihiwatig ng mga salitang kapag, dahil, dahilan, at rason.** Walang tiyak na lugar sa pangungusap o sa talata ang sanhi; ibig sabihin, maaaring bago o pagkatapos ibigay ang bunga ay makikita ang sanhi.

**Ang bunga naman ay nagsasaad ng kinalabasan, resulta, o epekto ng isang sanhi. Ito ay ipinahihiwatig ng kaya, upang, bunga nito, at iba pa na nagpapakita ng bunga.** Kagaya ng sanhi, ang bunga ay wala ring tiyak na isang lugar sa pangungusap o talata. Kailangang maintindihan mong mabuti ang kaibhan ng dalawa para matukoy mo kung alin nga ba ang siyang dahilan at kinalabasan nito.

Makatutulong sa iyo na hanapin kung alin ba ang **nauna o mauunang mangyari** at alin naman ang **sumunod o susunod**. Ang una ay sanhi at ang huli ay ang bunga.Sa pagtukoy ng sanhi at bunga, maging sensitibo ka sa mga pahiwatig ng manunulat sa paggamit ng mga salitang pananda sa sanhi at bunga**.**

**Ang kapag, dahil, dahilan sa/ng, rason ay sinusundan ng dahilan; samantalang ang upang, kaya, bunga nito, resulta, ay sinusundan ng bunga. Maaaring nasa una o dulong bahagi ng pangungusap makikita ang sanhi o bunga.**

**Subukin**

Basahing muli ang akda sa ibaba upang maging batayan ng pagsasanay sa pagtukoy ng sanhi at bunga.

**Maraming Mag-aaral sa High School, Hindi Makabasa**
Pilipino Star Ngayon, Oktubre 24, 2004

Nakaaalarma, nakakatakot ang ulat na karamihan sa mga mag-aaral sa high school ay hindi marunong bumasa, o kaya ay hindi nakaiintindi ng binabasa. Ano ang kahihinatnan nila? Kawawa sila sa hinaharap. Hindi lamang pala ang problema sa mga guro, mali-maling libro, kakulangan ng silid-aralan ang problema ng Kagawaran ng Edukasyon o Department of Education (DepEd) kundi pati na rin ang mga estudyanteng hindi marunong magbasa. Dapat malaman ang ugat ng problemang ito upang hindi naman maging kawawa ang mag-aaral sa pagdating ng panahon.

Marami ang kadahilanan ng suliraning ito. Ilan dito ay ang di-wasto o di-sapat na nutrisyon sa mga bata, limitadong pinagkukunan o kasalatan ng mga pampublikong paaralan, at ang mahihina at kakulangan sa pagsasanay ng mga guro. Ayon pa sa DepEd, "Masakit sabihin ang katotohanan, pero ang edukasyon sa Pilipinas ay nasa krisis. Ito ay nasa panahon ng pagdarahop."

Marami ang nagsulputang eskwelahan ngayon, parang mga kabute na kung saan – saan sumisibol at tumutubo, na mataas pa ang tuition o singil sa

pag-aaral. Nakikilatis pa ba ng DepEd kung anong klaseng turo ang ibinibigay ng mga paaralang ito?

A. Mula sa iyong binasa, kilalanin mo kung ang pangungusap ay sanhi o bunga.

______ 1. Kawawa ang kabataan ngayon.
______ 2. Hindi marunong magbasa ang karamihan sa mag-aaral sa high school.
______ 3. Isa sa dahilan nito ay ang kakulangan ng pagsasanay sa guro.
______ 4. Ang edukasyon ng Pilipinas ay nasa krisis.
______ 5. Hindi nakaiintindi ng binabasa ang maraming estudyante ngayon.

B. Dugtungan mo ang mga pangungusap sa A upang ipakita ang sanhi at bunga sa bawat bilang. Pagkatapos, bilugan mo ang bahaging nagpapahayag ng bunga.

1. ______________________________________________________________
2. ______________________________________________________________
3. ______________________________________________________________
4. ______________________________________________________________
5. ______________________________________________________________

Nahirapan ka ba sa pagsasanay na ito? Huwag kang mag-alala. Narito ang mga wastong sagot sa A:

1. bunga 2.sanhi 3. sanhi 4. bunga 5. bunga

Narito naman ang ilang maaaring tamang sagot sa B:

1. Kawawa ang kabataan ngayon dahil marami sa kanila ang hindi marunong bumasa.
2. Hindi marunong magbasa ang karamihan sa mag-aaral sa high school sapagkat di-sapat ang nutrisyon nila.
3. Isa sa dahilan ng di pagkatuto ay ang kakulangan ng pagsasanay sa guro.
4. Ang edukasyon ng Pilipinas ay nasa krisis kaya di makabasa ang mag-aral.
5. Hindi nakaiintindi ng binabasa ang maraming estudyante ngayon kaya tila wala na ring halaga ang edukasyon.

Natandaan mo ba ang mahahalagang bagay mula sa araling ito? Kung gayon, palawakin pa natin ang iyon kaalaman.

**Palawakin**

Tapusin ang bawat pangungusap sa pamamagitan ng pagdadagdag ng ideya ayon sa hinihingi sa perentesis ( ).

1. Ang henerasyon ngayon ay nakararanas ng krisis sa edukasyon. ________________________________________________________ . (bunga)

2. Kapag hindi naagapan ang problemang ito, ________________________________________________________.(bunga)

3. ________________________________________________________ ang isa pang dahilan ng krisis sa edukasyon. (sanhi)

4. Ang kawalan ng matatag na hanapbuhay ay resulta ng __________________________________________________ (sanhi)

5. Dahil sa lumalalang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro, ________________________________________________________ .(bunga)

Ilan sa maaaring sagot mo ay ang mga sumusunod:

1. Ang henerasyon ngayon ay nakararanas ng krisis sa edukasyon.Ang epekto nito ay ang malawakang pagbagsak sa mga pagsusulit sa paaralan.

2. Mas darami ang mga taong mahihirapan pumasok ng trabaho kapag hindi naagapan ang problemang ito.

3. Ang di-pakikibahagi ng magulang sa edukasyon ng anak ang isa pang dahilan ng krisis sa edukasyon.

4. Ang kawalan ng matatag na hanapbuhay ay resulta ng mga suliranin sa pamahalaan.

5. Dahil sa lumalalang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro, ang kalidad ng eduaksyon ay patuloy na bumubulusok.

Ngayon ay handa ka na marahil para sa isang pagsusulit sa lahat ng araling tinalakay sa modyul na ito.

Handa na ba ang iyong bolpen at sagutang papel? Kung ganon, halika na!

## *Gaano ka na kahusay?*

Ang bahaging ito ng modyul ay makatutulong sa iyo upang alamin ang iyong natutuhan sa buong modyul na ito.

Basahin ang seleksiyon at sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat sa iyong sagutang papel ang titik lamang ng iyong tamang sagot.

**Ano ang mga Dahilan Bakit Nangingibang Bansa ang mga Pilipino?**
Pilipino Star Ngayon October 30, 2004
(Nikki Gabitan)

Ano nga ba ang pinakapunong dahilan kung bakit nangingibang bansa ang karamihan sa ating mga Pilipino? Sa ngayon, isa ito sa mga karaniwang katanungan na may ibat ibang opinyon ang bawat isa sa atin. Kung ating mapapansin, karamihan sa bagong graduate o ibang estudyante ay nag-iisip na makipagsapalaran sa ibang bansa. Kahit na ang ibang may mga trabaho na o mga propesyonal ay iniisip na magbakasakali sa ibang bansa kahit na ang kanilang magiging trabaho ay mas mababa kesa kanilang tinapos.

Ano kaya ang nag-tutulak sa kanila upang mag-isip at gawin nga ang binabalak? Ano ang mga dahilan kung bakit nakakaya nilang mag-trabaho sa bansa ng mga dayuhan at iwan ang kanilang mga mahal sa buhay? Dahil ba sa

nag-hihingalong ekonomiya ng ating bansa o para lamang sa career growth? Aking aaminin, na kahit ako ay nagbabalak din na makipagsapalaran sa ibang bansa kapag may magandang oportunidad na dumating. Karamihan din sa aking mga kakilala, kaibigan, naging kaeskwela at kahit aking mga kapamilya ay nagbabalak din katulad ko. Aking nabasa sa isang lathalain na halos 98% na napagtanungan tungkol sa isyu ay sumagot na gusto nilang umalis ng ating bansa at magtrabaho sa bansa ng mga dayuhan. Una, karaniwang rason nila ay tumatalakay sa usapang pinansiyal. Pangalawang dahilan nila ay ang malaking opurtunidad sa trabaho; pangatlo ay ang maraming pagkakataon para sa career growth at panghuli ay ang pagkakaroon ng matatag na gobyerno.

Kung ito lamang ang pagbabasehan, makikita na kung ano ang pinaka-ugat na dahilan ng pag-alis ng bawat Pilipino. At ito ay ang pinansiyal na aspeto.

Karamihan sa mga OFW ay nagsasabi na mas malaki ang kanilang kinikita kumpara noong sila ay nagtatrabaho dito sa Pilipinas. Karamihan din ay

mamalagi pansamantala sa ibang bayan upang makaipon at babalik ng Pilipinas upang magtayo ng kahit munting negosyo. Sa nangyayari ngayon sa ating bansa kung saan patuloy ang pagtaas ng mga bilihin. Hindi sapat ang kinikita upang tustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng bawat isa lalo na kung malaki ang iyong pamilya. Kahit na sabihing magkaroon ng dagdag sa sweldo, hindi pa rin ito magiging sapat lalo na para sa kanilang manggagawa.

Kapag tinanong ang mga nagbabalak na umalis patungong ibang bansa kung ano ang makakapigil sa kanilang pag-alis, ang numero uno na kanilang sagot ay ang kanilang pamilya. Kung minsan mangangailangan pa ng konsultasyon sa ibang myembro ng pamilya bago makagawa ng pinal na desisyon. Dito umiiral ang close-knit family ties sa bawat Pilipino. Kung ating titingnan, ang pinaka rason para sila ay manatili ay ang kanilang pamilya at isa din sa mga rason upang sila ay umalis nang dahil din sa pamilya.

B. Isulat sa iyong sagutang papel ang salita o pariralang kasingkahulugan ng may salungguhit sa pangungusap.

1.Karamihan sa bagong graduate o ibang mga estudyante ay nag-iisip na <u>makipagsapalaran</u> sa ibang bansa. Nais nilang sumubok ng trabaho sa Amerika.

2.Ano kaya ang <u>nagtutulak</u> sa kanila upang mag-isip ng ganito?Ano kaya ang nag-uudyok sa kanila?

3. Bakit kaya nakakaya nilang magtrabaho sa bansa ng mga <u>dayuhan</u> o banyaga, at iwan ang kanilang mahal sa buhay?
4. Aking nabasa sa isang <u>lathalain, isang akda mula sa pahayagan,</u>na halos 98% ng estudyante ay nais umalis ng ating bansa.
5. Dahil ba sa <u>naghihingalong ekonomiya</u> at tila wala ng pag-asang pag-unlad ng ating bansa kaya sila umaalis?
6. Kung ito lamang ang pagbabasehan, makikita na kung ano ang <u>pinakaugat</u> na dahilan ng pag-alis ng bawat Pilipino.

C. Isulat sa iyong papel kung ang may salungguhit ay sanhi o bunga.

1. <u>Dahil ba sa naghihingalong ekonomiya</u> kaya umaalis ng bansa ang mga Pilipino?
2. <u>Nangingibang-bansa ang karamihan</u> upang magkaroon ng matatag na buhay.
3. Hindi sapat ang kinikita dito sa bansa <u>kaya'y nagtitiis tayo na malayo sa pamilya ang maraming Pilipino</u>.
4. <u>Ang pagkakaroon ng malaking oportunidad sa trabaho</u> ay isa ring rason upang lisanin ang bansa.

D. Isulat sa sagutang papel kung ang mga sumusunod na salitang ginamit sa pangungusap sa C ay nagpapahayag ng sanhi o bunga.

1. dahil
2. kaya
3. rason
4. upang

E. Basahin ang pangungusap sa ibaba na nagpapahayag ng pangunahing ideya. Pagkatapos ay lagyan ng tsek ang lahat ng sumusunod na pangungusap na nagbibigay suporta sa pangunahing ideyang nabanggit.

Pangunahing ideya: *Kung ito lamang ang pagbabasehan, makikita na kung ano ang pinaka-ugat na dahilan ng pag-alis ng bawat Pilipino. At ito ay ang pinansiyal na aspeto.*

_______1. Naghihingalo ang ekonomiya ng Pilipinas.
_______2. Magandang lugar ang nais marating ng mga Pilipino.
_______3. Mas malaki ang oportunidad na makahanap ng trabaho sa ibang bansa.
_______4. Ang sahod sa ibang bansa ay halos triple ng sahod dito sa Pilipinas.
_______5. Ang pamilya ay masaya kung may maliit na negosyo.

F. Pag-aralan ang comic strip sa ibaba. Pagkatapos ay piliin ang titik ng tamang sagot sa mga tanong.




Pilipino Star Ngayon, Okybre 24, 2004

1. Ano kaya ang hanapbuhay ng natutulog?

   a. pulis
   b. security guard
   c. laborer
   d. supervisor

2. Ano ang naging unang resulta nang sabihin na , “Aba.. Bumbay!Naniningil!”

   e. Nagulat ang natutulog
   f. Nagising ang natutulog
   g. Napatayo ang natutulog
   h. Napasigaw ang natutulog

3. Bakit sinabi ang, “Aba.. Bumbay! Naniningil!”

   i. para gisingin ang natutulog
   j. para hindi masingil ng bumbay
   k. para makapagtago agad
   l. para pakiusapan ang bumbay

4. Ano ba ang inaasahan sa isang namamasukan?

   a. magbayad ng utang sa bumbay
   b. magtrabaho pag nandiyan ang amo
   c. maging matapat sa amo
   d. tupdin ang tungkulin sa oras ng trabaho

5. Ano ang kahihinatnan kung ang lahat ng manggagawa ay tulad ng taong natutulog?

a. hindi makakaiwas sa maniningil
b.hindi maririnig ang ingay sa trabaho
c. hindi uunlad ang buhay
d. hindi magkakasakit sa trabaho

Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman mo kung gaano karami ang tamang sagot na nakuha mo. Kung hindi ka naman masaya sa resulta nito, pag-aralan mo ang modyul at tiyak na makatutulong ito sa iyo.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 18
Pagbibigay-Dahilan/Katwiran sa kilos ng Kapwa
at Pagpapahayag ng Sanhi at Bunga

A.
1. sumubok
2. nag-uudyok
3. banyaga
4. isang akda mula sa pahayagan
5. wala ng pag-asa sa pag-unlad
6. pangunahing basehan o dahilan

B.
1. sanhi
2. bunga
3. bunga
4. sanhi

C.
1. sanhi
2. bunga
3. sanhi
4. bunga

D.
1. /
2. 0
3. /
4. /
5. 0

E.
1. B
2. B
3. A
4. D
5. D